# Mga Bakuna para sa Trangkaso, COVID-19, at RSV: Mga Karaniwang Tanong at Alalahanin

Normal na magkaroon ng mga tanong tungkol sa mga bakuna. Siyasatin natin ang ilan sa mga pinakakaraniwang alalahanin na maaaring mayroon ka tungkol sa mga bakuna para sa trangkaso, COVID-19, at RSV.

## MGA BAKUNA PARA SA TRANGKASO

**Ang mga bakuna ba para sa trangkaso ay nagdudulot ng trangkaso?**
Hindi ka magkakaroon ng trangkaso mula sa bakuna para sa trangkaso dahil ang mga bakuna para sa trangkaso ay maaaring gumagamit ng patay na anyo ng virus o wala talagang virus. Ang ilang mga taong nabakunahan ay maaari pa ring magkaroon ng trangkaso makalipas ang pagbabakuna, pero kahit na magkaroon ka ng trangkaso, ang pagpapabakuna ay nakakatulong na mapanatiling mas banayad ang mga sintomas mo.

**Nagkaroon ako ng bakuna para sa trangkaso noong nakaraang taon, kaya bakit ko pa kailangan ng isa pa?**
Ang mga bakuna para sa trangkaso ay maaaring magbago kada taon, kaya ang bakuna para sa trangkaso ay ina-update para matulungan na ma-target ang mga kasalukuyang strain ng trangkaso. Dapat kang magpabakuna para sa trangkaso bawat taon para maprotektahan ka laban sa mga pinakabagong virus ng trangkaso na kumakalat sa komunidad mo.

**Hindi ako kailanman nagkakaroon ng trangkaso, kaya bakit ako dapat magpabakuna para sa trangkaso?**
Ang immunity mula sa bakuna para sa trangkaso o mula sa pagkakaroon ng trangkaso ay humihina sa paglipas ng panahon. At, ang pinakakaraniwang mga virus ng trangkaso na nakakaimpeksiyon sa mga tao ay maaaring magbago kada taon. Ang pagpapabakuna ay nagpapalakas sa immunity mo at binibigyan ka ng mas mabuting proteksiyon mula sa bago o mga nagbabagong strain ng virus. Kung magkatrangkaso ka man, walang paraan para mahulaan kung gaano kasama ang maaaring mga sintomas mo. Pero kung nagpabakuna ka, ang peligro mo sa pagkakaroon ng malalang sakit ay nahahati nang halos kalahati.

RISK LESS. DO MORE.

Isang kampanya para mapataas ang kaalaman at pagpapabakuna para sa trangkaso, COVID-19, at RSV sa mga nasa peligrong populasyon.

## MGA BAKUNA PARA SA COVID-19

**Ang mga bakuna ba para sa COVID-19 ay nagdudulot ng mga pangmatagalang side effect?**
Karamihan ng mga tao ay may alinman sa mga banayad na side effect o wala talagang mga side effect makalipas magkaroon ng bakuna para sa COVID-19. Tulad ng anumang gamot, ang bihira pero malalang reaksiyon sa mga bakuna ay maaaring mangyari. Pinapakita ng data na para sa bawat isang milyong dosis ng mga bakuna para sa COVID-19 na ibinigay, lima o mas kaunti ay nagreresulta sa malalang allergic na reaksiyon. Dahil ang mga reaksiyong ito ay halos laging mabilis na nangyayari matapos ang pagbabakuna, maaaring pahintayin ka sa lokasyon ng tagapaglaan mo nang 15 minuto para ang anumang reaksiyon ay maitatala at magamot kung kailangan.

Ang ilang mga tao ay nag-alala tungkol sa pamamaga ng puso makalipas ang bakuna para sa COVID-19, pero ang peligro ng pamamaga ng puso ay mas mataas matapos magkaroon ng COVID-19 kaysa sa pagkakaroon ng bakuna. Ang Long COVID, na kundisyon na nagbibigay sa iyo ng nananatiling sintomas nang ilang buwan matapos kang nagkaroon ng COVID-19, ay higit na mas karaniwan kaysa sa mga malalang side effect ng bakuna. Parami nang paraming data ang nagpapakita na ang mga tao na up to date sa kanilang bakuna para sa COVID-19 ay mas hindi malamang na magkaroon ng Long COVID kumpara sa sa mga tao na hindi up to date.

**Paano kung nagkaroon na ako ng bakuna para sa COVID-19?**
Malaki na ang pinagbago ng COVID-19 virus. Ang mga bakuna para sa 2024–2025 COVID-19 ay ini-update para i-target ang mga pinakabagong variant. Kung up to date ka sa mga bakuna, mas protektado ka mula sa malalang sakit kahit na magkaroon ka ng COVID-19.

**Bakit ako dapat patuloy na kumuha ng mga bakuna para sa COVID-19?**
Narito pa ang COVID-19 at malala pa ring nagkakasakit ang mga tao mula dito, lalo na kung ikaw ay 65 taong gulang o mas matanda; buntis; kung may kundisyon ka sa kalusugan tulad ng sakit sa puso, sobrang katabaan, o hika; o kung may mahinang immune system ka. Noong nakaraang taon, naospital dahil sa COVID-19 ang 900,000 katao at pumatay ng 75,000 katao sa Estados Unidos lang, pero ang pagiging up to date sa bakuna mo ay tumutulong na protektahan ka mula sa mga pinakamalalang kalalabasan ng COVID-19.

## MGA BAKUNA PARA SA RSV

**Sapat na bang naaral ang mga bakuna para sa RSV?**
Ang mga bakuna para sa RSV ay napatunayang gumagana nang mabuti para protektahan ang mga taong magkasakit nang malala mula sa RSV sa mga klinikal na pagsubok. Ang mga pinakakaraniwang side effect ay ang masakit na braso, kakulangan ng enerhiya, at masakit na ulo, at ang mga sintomas na iyon ay hindi nagtatagal. Bihira ang mga malalang allergic na reaksiyon.

Ang RSV ay maaaring masyadong mapanganib, lalo na para sa mga taong 75 o mas matanda, o mga taong 60–74 taong gulang na nakatira sa nursing home, o may ilang mga medikal na kundisyon tulad ng diyabetis, sakit sa puso, sobrang katabaan, o sakit sa baga. Maaaring pahirapan nito silang huminga o magkaroon ng impeksiyong malalim sa mga baga. Pero ang bakuna para sa RSV ay nakakatulong na protektahan ka mula sa mga malalang sintomas. Ang mga bakuna sa RSV ay ibinibigay sa isang dosis kaya kung nakakuha ka na ng bakuna para sa RSV, hindi mo na kailangan ng isa pa.

## MARAMING BAKUNA

**Maaari ba akong kumuha ng mahigit sa isa sa mga bakunang ito nang magkasabay?**
Maaari kang kumuha ng mahigit sa isa sa mga bakunang ito sa season ngayon nang magkasabay. Maaaring mayroon kang mas marami pang mga side effect kung kumuha ka ng mahigit sa isa sa mga bakunang ito nang magkasabay, pero ang anumang mga side effect ay dapat banayad at hindi dapat magtagal. Ang ilan sa mga pinakakaraniwang side effect ay kirot sa braso o pamamaga, masakit na ulo, at kapaguran.

Matuto pa sa
cdc.gov/RiskLessDoMore

RISK LESS. DO MORE.

Isang kampanya para mapataas ang kaalaman at pagpapabakuna para sa trangkaso, COVID-19, at RSV sa mga nasa peligrong populasyon.